

Buntis at isang internasyonal na mag-aaral sa kolehiyo?

ANONG KAILANGAN MONG ALAMIN!

Makikita online at sa mas maraming wika sa: bit.ly/pregnancyfactsheet

Maaaring hindi saklawin ng iyong plano ng insurance sa kalusugan ng kolehiyo ang mga gastusin para sa iyong pagbubuntis at panganganak kung:

- Nabuntis ka bago magsimulang mag-aral
- Nabuntis ka sa panahon na walang saklaw ng insurance sa kalusugan mula sa iyong kolehiyo

Tingnan ang iyong policy ng insurance sa kalusugan o makipag-usap sa provider ng insurance para sa mga detalye tungkol sa saklaw sa pagbubuntis.

Kung ang plano ng insurance sa kalusugan ng iyong kolehiyo ay hindi sasaklawin ang anumang mga gastos mo sa pangangalagang pangkalusugan na nauugnay sa pagbubuntis, narito ang ilang libreng mapagkukunan na maaaring makatulong:

PAGPAPAYO SA MGA OPSYON SA PAGBUBUNTIS

Kung hindi ka sigurado kung ano ang mga opsyon mo pagkatapos mabuntis, o gusto mong makipag-usap sa isang tao tungkol sa mga opsyon mo sa pagbubuntis:

- Action Canada for Sexual Health & Rights: **1-888-642-2725**
- SHORE Centre: shore.inputhealth.com/ebooking
- Planned Parenthood Toronto: **416-961-0113**
- Choice in Health Clinic: **647-370-3203**

MGA MAPAGKUKUNAN NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN



Mga komadrona: Libre ang mga serbisyo ng komadrona para sa lahat sa Ontario, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon. Makakahanap ka ng komadrona sa ontariomidwives.ca/find-midwife. Makipag-ugnayan kaagad sa mga komadrona sa lalong madaling panahon dahil madalas ay maraming kumukuha sa kanila



Mga Sentro ng Kalusugan ng Komunidad: Nagbibigay ang mga sentro ng kalusugan na ito ng pangunahing pangangalaga sa kalusugan sa mga taong walang insurance sa kalusugan sa Ontario: allianceon.org/find-a-centre



Network ng Kalusugan para sa mga Walang Insurance na Kliyente: Ito ay isang grupo ng mga provider ng pangangalaga sa kalusugan na sumusuporta sa mga taong walang insurance sa kalusugan: uninsurednetwork@gmail.com



HEALTH CONNECT ONTARIO: Libreng hotline para sa payo sa kalusugan at impormasyon mula sa mga rehistradong nars: **811**

Buntis ako at walang insurance sa kalusugan. Anong pangangalaga sa kalusugan ang makukuha ko?



Settlement.Org



Mga katotohanan tungkol sa pagpunta sa ospital para manganak

- Hindi mo kailangang magbigay ng ID para makatanggap ng pangangalaga sa isang ospital. Kailangan mo lang ibigay ang iyong pangalan, kasarian, petsa ng kapanganakan o edad.
- Nagkakaiba-iba ang mga gastos para sa pangangalaga sa kalusugan sa iba't ibang ospital.
- Ang ilang mga ospital ay sisingilin ka nang maaga, habang ang iba naman pagkatapos mong matanggap ang pangangalaga. Kung kaya mo, makipag-usap sa tanggapan ng negosyo ng ospital para makipagtawaran sa pagbabayad ng mga rate ng OHIP at upang ayusin ang isang plano sa pagbabayad.
- Sa isang emergency, hindi ka puwedeng tanggihan ng serbisyo sa isang ospital, kahit na wala kang health card.

Mga organisasyon na sumusuporta sa mga internasyonal na mag-aaral

- Migrant Students United (tawag o text): **647-858-2854**
- One Voice Canada: help@onevoicecanada.org